# Munting Impormasyon para sa Pamumuhay na Ligtas at Walang-Panganib

タガログ語

## 1 Sa Oras ng Emerhensiya

### [1] Pulis, Ambulansiya, Sunog

| Pulis: ☎110 | Ambulansiya: ☎119 | Sunog: ☎119 |
|---|---|---|





* Libreng makakatawag sa [110] at [119] ng 24 oras buong araw. Makakatawag din na gamit ang celfone. Kapag gumamit ng payphone, hindi kailangan ang pera o telephone card.

*Kapag tumawag sa [110] o [119] tignan ang [10 Mga pangungusap na magagamit sa panahon ng emerhensiya], magsalita ng mabagal at gamitin ang malakas na boses. Kapag hindi mapaliwanag sa wikang Hapon, makiusap sa isang taong marunong magsalita ng wikang Hapon.

* May mga lugar na mayroong klinikang para sa emerhensiya na bukas sa araw ng walang pasok at gabi.

### [2] DV (Domestic Violence o kalupitan sa loob ng pamamahay)

Kapag pisikal na binubugbog o mental na pinahihirapan ng asawa o kasintahan, huwag mabahala ng nag-iisa, kumonsulta sa mga lugar konsultahan o kaya sa pulis.

Mga lugar konsultahan:

| | |
|---|---|
| a. Hyogo-ken Josei Katei Center (Hyogo Pref. Women's Family Center) | ☎ 078-732-7700 (Wikang Hapon lamang) |
| b. Hyogo International Association Information and Advisory Service Center | ☎ 078-382-2052 (Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Espanyol, Portuges) |
| c. NGO Network for Foreigners' Assistance KOBE | ☎ 078-232-1290 (Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Espanyol, Portuges, Tagalog)<br>Araw ng sangguni: Biyernes ng hapon |

*Ang b at c ay tumatanggap din ng sangguni tungkol sa araw-araw na pamumuhay.

## 2 Natural na Kalamidad

### [1] Lindol at Tsunami

Ang bansang Hapon ay isang bansang madalas magka-lindol at sa mga tabing dagat, may pagkakataong dumarating ang tsunami pagkatapos ng lindol. Upang mapa-minimal ang kapansanan, isa-isip ang mga sumusunod.



(1) Kapag nagka-lindol, pumunta agad sa pinaka-ligtas na lugar sa loob ng bahay.
Kapag nasa labas, mag-ingat lamang sa mga bumabagsak na mga bagay tulad ng tisa ng bubong, karatula at piraso ng pader.

(2) Kapag tumigil na ang pag-uga, patayin ang mga kasangkapang panluto at ang mga heater upang maiwasan ang sunog.

(3) Pagkalipas ng lindol may panganib na magkaroon ng tsunami o mga kasunuran pang mga lindol kaya tiyakin lamang ang kalagayan ng sakunang lindol sa radyo o telebisyon.
Kapag maaaring magkaroon ng tsunami, lumayo agad sa dagat at tumakas sa mataas na lugar.

Istasyong FM sa iba't ibang wika: FM CO·CO·LO [76.5 MHz]
FM YY [77.8 MHz]

(4) Batay sa kalagayan, sumilong sa pinakamalapit na shelter. Kapag hindi pa alam kung nasaan ang shelter, magtanong lamang sa munisipyo upang alamin kung saan ito.

✍ Lugar silungan: ________________________________________


### [2] Bagyo, malakas na ulan, baha, sukunang lupa (guho ng talampas, guho ng lupa, daloy ng lupa, atbp.)

Maraming bagyo sa bansang Hapon mula tag-init hanggang taglagas, at dahil sa malakas na hangin at ulan minsan ay naguguho ang mga lupa o nagkakaroon ng baha. Isa-isip ang mga sumusunod.

(1) Kapag may darating na bagyo, bantayan ang mga lumalabas na impormasyon tungkol sa panahon, isara ng maigi ang mga bintana at shutter.

(2) Upang mapaghandaan ang pagkawala ng elektrisidad, maghanda ng mga kandila o kaya ng flashlight at radyong de baterya.

(3) Kapag nagkaroon ng payo o utos na sumilong, mahinahong tumungo sa pinakamalapit na shelter.



### [3] Kidlat

Kapag makapal ang ulap, dumilim ang paligid at nakakarinig kayo ng tunog ng kidlat, maaaring may kidlat na bumagsak. Pumunta agad sa isang ligtas na lugar tulad sa loob ng gusali, at sumilong na mababa ang pustura ng katawan.
Mapanganib ang malapit sa puno kaya lumayo lamang kayo. Huwag gumamit ng payong.

### [4] Buhawi

Ang buhawi ay marahas na hanging imiihip na matutumba ang isang gusali ng biglaan, may kasong kayang iikot pataas ang mabibigat na bagay tulad ng sasakyan. Mag-ingat sa kidlat at ulap, at biglang pagbago ng hangin, kapag may malaking ulap na lumalapit, sumilong lamang sa isang gusaling matibay o kaya sa silong na palapag.

### [5] Ang mga babala at payo tungkol sa panahon



Sa panahon na maaaring magkaroon ng sakuna, naglalabas ng mga payo, babala o lubhang babala ang Meteorological Agency.
Malalaman ito sa mga sumusunod na pamamaraan.
(1) Anunsyo sa radyo at telebisyon
(2) Tumawag sa [177] at pakinggan (Wikang Hapon)
(3) Pabigay-alam ng munisipyo (gamit ang wireless na radio, atbp)


### [6] Maghanda para sa sakuna

Upang maging handa sa sakuna, maganda kung laging may
handa na pang-emerhensiyang tubig at pagkain, gamot, plaslait, radyong de baterya, atbp. Lagi ihanda rin na madadala agad ang pasaporte at Residence Card.

Kapag nirehistro and celfone sa [Hyogo E-net] (http://bosai.net/e), mapapadalhan kayo ng mga impormasyong pang-emerhensiya tungkol sa kalagayan ng panahon at mga impormasyon tungkol sa pagsilong. Magpa-rehistro lamang ng maaga. (Wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Biyetnames). Mayroong din [Hyogo Bosai Net] (http://bosai.net/) sa wikang Hapon.
Tiyakin din sa hazard map ang mga lugar na mapanganib sa panahon ng sakuna. Magtanong lamang sa munisipyo ng inyong tinitirahang lugar tungkol sa hazard map.

## 3 Mga Impormasyon sa Pamumuhay

### [1] Ang pagtapon ng basura



(1) Ang karaniwan na basura ng bahay ay tinitipon ng munisipyo ng lugar na inyong tinitirahan. Na-iiba ang pamamaraan sa paghiwalay at pagtapon ng basura sa bawat lugar kaya magtanong lamang sa kapit-bahay o sa munisipyo ng inyong tinitirahang lugar.
(2) Hindi maaaring itapon ang aircon, telebisyon, refrigerator, freezer, makinang panlaba at panuyo ng damit sa tapunan ng basura.
Ipakiusap sa tindahang binilihan o kaya sa tindahan na binilihan ng bago ang pagtapon nito.
Para sa mas detalyadong impormasyon, magtanong lamang sa munisipyo.
(3) Kapag magtatapon ng kompyuter, tawagan ang kompanyang gumawa ng inyong kompyuter.

### [2] Tirahan



(1) Gumamit ng broker ng bahay kapag naghanap ng pribadong bahay o apartment.
Ang singil ng broker upang maghanap ng inyong tirahan ay karaniwan katumbas ng 1 buwang upa ng piniling tirahan.
(2) And deposito ay ibinibigay sa may-ari ng tirahan kapag nakipagkasunduan, karaniwan ang halaga ay katumbas ng 1-3 buwang upa. Ito ay gagamitin sa pagbayad ng naiiwang upa o kaya sa pagpa-ayos ng inupahan kapag kayo ay aalis na, kapag may naiwan sa deposito ito ay ibabalik sa inyo.
(3) Ang tinatawag na key money naman ay ibinibigay na pera sa may-ari ng tirahan kapag nakipagkasunduan, hindi na ito isasauli.
(4) Ang probinsya at siyudad o bayan ay may inihahandang tirahan din para sa mga taong may suliranin sa tirahan. Nakatakda ang panahon ng paghiling na makakuha ng mga tirahang ito kaya makipag-ugnay lamang sa munisipyo na sakop ang inyong tirahan.

### [3] Elektrisidad, gas, tubig

Kapag nais magpakabit, makipag-ugnay lamang sa sumusunod.
(1) Elektrisidad: Kansai Denryoku (kumpanya)
(2) Gas: Osaka Gas (kumpanya)
(3) Propane Gas: sa tindahang nagbebenta ng propane gas
(4) Tubig: munisipyo ng inyong tirahan lugar

### [4] Impormasyon sa iba't ibang wika ukol sa pamumuhay

Makakakuha ng impormasyon sa 13 wika ukol sa pamumuhay sa sumusunod na homepage.
http://www.clair.or.jp/tagengo/

# 4 Edukasyon

## [1] Ang edukasyon ng mga bata

(1) Ang sistema ng edukasyon sa bansang Hapon ay 6 na taon sa mababang paaralan, 3 taon sa junior high school, 3 taon sa senior high school, 4 na taon sa kolehiyo/unibersidad (2 taon kapag pang-bokasyon). Nag-uumpisa sa buwan ng Abril ang bagong taon sa paaralan.

(2) Maaaring makapasok o makalipat sa mababang paaralan o sa junior high school and mga batang nasa edad upang mag-aral (6 na taon ~ 15 taong gulang) kaya magtanong lamang sa tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon na sakop ang inyong tirahan.
Sanggunian: Makikita ang gabay na aklat para sa mga magsisimulang pumasok sa paaralan na gawa ng Hyogo Prefectural Board of Education sa homepage ng Multicultural Children's Center.
http://www.hyogo-c.ed.jp/~mc-center/ukeire/ukeire.html

## [2] Ang pag-aaral ng wikang Hapon

(1) Kurso sa wikang Hapon ng HIA para sa mga dayuhang mamamayan
(Multicultural Division, Hyogo International Association ☎078-230-3261)

(2) Iba pang mga kurso sa wikang Hapon
Makikita sa sumusunod na homepage ang [listahan ng mga kurso sa wikang Hapon] at [listahan ng mga klaseng tumutulong sa pag-aaral ng mga bata] sa 10 wika.
http://www.hyogo-ip.or.jp/

# 5 Medikal

## [1] Bayad sa pagpapagamot

Kapag wala kayong medical insurance at kailangan ninyong magpagamot, ang singil sa pagpapagamot ay inyong babayaran lahat, malaki ang magiging halaga. May 2 uri ng public health insurance, ang maaari ninyong salihan sa inyong pinapasukang kompanya at ang maaari ninyong salihan sa inyong tinitirahang lugar.



## [2] Medikal na palatanungan sa iba't ibang wika

Makikita ang mga iba't ibang medical na palatanungan na nakasalin sa iba't ibang wika sa sumusunod na homepage.
http://www.kifjp.org /medical

## [3] Mga palagamutan na maaaring gumamit ng wikang dayuhan

Makikita ang mga palagamutan na maaaring gumamit ng wikang dayuhan kapag ginamit ang [Hyogo Prefecture Medical Institution Information System (Search by English)].
Naka-link din ito sa http://hyogo-ip.or.jp/living guide/.

## [4] Interpreter pang-medikal

Maaaring magpa-appointment para magkaroon ng interpreter sa Kobe City Medical Center General Hospital, sa Kobe City Medical Center West Hospital at sa Nishi Kobe Medical Center. Magtanong lamang sa ospital sa pamamagitan ng isang taong marunong magsalita ng wikang Hapon. (Kailangan ang appointment, may bayad)

# 6 Social Security

Nahahati sa dalawa ang sistema ng social security sa bansang Hapon, and Social Insurance at and Workmen's Insurance.

(1) Social Insurance: Medical Insurance, Nursing care Insurance, Pension Fund

(2) Workmen's Insurance: Workmen's Accident Compensation Insurance, Employment Insurance (insurance sa oras na mawalan ng trabaho)

# 7 Trabaho

Makakapag-sangguni tungkol sa paghanap ng trabaho at makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga trabahong inaalok sa wikang Ingles, Intsik, Portuges, Espanyol at Vietnamese (sa Himeji lamang) sa [Foreigners' Employment Service Corner] ng Hello Work Kobe (☎078-362-8610) at Hello Work Himeiji (☎079-222-4431).

# 8 Ang Residence Card

## [1] Ang Residence Card

Ito ay isang sertipikong kard na ibinibigay sa mga dayuhang residente na katamtaman hanggang mahaba ang panahon ng pananatili na may legal visa upang manatili rito. Hindi binibigyan ang mga may short-term visa lamang.

## [2] Ang mga dapat ilakad sa Immigration Bureau

Isinasagawa ang pagpabigay-alam ng pagbago sa mga bagay na nakasulat sa Residence Card, maliban sa tirahan, at ang pag-aplay ng bagong Residence Card sa Kobe Branch ng Osaka Immigration Bureau o kaya sa Branch sa Himeji Port.

Katungkulan na ipagbigay-alam ang mga pagbabago at katungkulan din na laging dalhin ang Residence Card, maaaring mamultahan kapag hindi sinunod and mga katungkulang ito kaya mag-ingat lamang.

Foreign Residents' General Information Center, Immigration Bureau ☎0570-013904
[Teleponong IP, PHS, mula sa ibang bansa ☎03-5796-7112]
(Wikang Hapon, Ingles, Koreano, Intsik, Espanyol atbp)

## [3] Ang mga dapat ilakad sa munisipyo

Ang paglakad ng mga bagay tungkol sa tirahan (pagpabigay-alam ng tirahan, pagpabigay-alam ng paglipat palabas, pagpabigay-alam ng paglipat papasok, pagpabigay-alam ng paglipat) ay sisinasagawa sa munisipyo ng inyong tinitirahang lugar. Dalhin lamang ang inyong Residence Card kapag pumunta sa munisipyo.

# 9 Mga lugar na maaaring makapag-sangguni ang mga mamamayang dayuhan

Hyogo International Association Information and Advisory Service Center ☎078-382-2052 (Wikang Hapon, Ingles, Intsik, Espanyol, Portuges)

Makikita sa sumusunod na homepage ang listahan sa 10 wika ng mga lugar na maaaring mapagsanggunian ng mga dayuhan.
http://www.hyogo-ip.or.jp/

# 10 Mga pangungusap na magagamit sa panahon ng emerhensiya

| Wikang Hapon | Ang Pagbigkas | Ang ibig-sabihin |
|---|---|---|
| 私の名前は○○です。 | Watashi no namae wa ○○ desu. | Ang pangalan ko ay ○○. |
| 住所は○○です。 | Jusho wa ○○ desu. | Ang tirahan ko ay sa ○○. |
| 私は今、○○にいます。 | Watashi wa ima ○○ ni imasu. | Ako ay nasa ○○ ngayon.. |
| ここは○○の近くです。 | Koko wa ○○ no chikaku desu. | Malapit ito sa ○○. |
| 電話番号は○○です。 | Denwa bango wa ○○ desu. | Ang telepono ay ○○. |
| 泥棒です。 | Dorobo desu. | Magnanakaw po. |
| 交通事故です。 | Kotsu-jiko desu. | Aksidenteng trapiko po. |
| 火事です。 | Kaji desu. | Sunog po. |
| けがです。 | Kega desu. | Nasaktan po. |
| 病気です。 | Byoki desu. | Sakit po. |
| ○○が痛いです。 | ○○ ga itai desu. | Masakit ang ○○. |

**Hyogo International Organizations Liaison Committee**

[**Tanggapan**]
Hyogo International Association, IHD Center 2F, 1-5-1 Wakinohama Kaigan-dori, Chuo-ku, Kobe City 651-0073
TEL: 078-230-3267 FAX: 078-230-3280
http://www.hyogo-ip.or.jp/hcia
* Ang leaflet na ito ay makikikta sa 10 wika.
Nakipagtulungan sa paggawa: NPO Multi Language Center FACIL
Isinagawa: Marso, 2014